Ang Komisyon ng Enerhiya ng California

Pagsulong ng Patakaran sa Enerhiya ng Estado

Bilang ahensya ng pangunahing patakaran ng enerhiya at pagpaplano ng enerhiya ng estado, ang Komisyon ng Enerhiya ng California ay naghahanda ng Integrated Energy Policy Report (IEPR) at nakikipagtulungan sa mga ahensya ng estado at pederal, mga manggagawa, at iba pang mga stakeholder upang bumuo at magpatupad ng mga patakaran ng enerhiya ng estado.

Plano para sa Polisiya sa Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay may pananagutan sa paghahanda ng *IEPR* tuwing dalawang taon at *IEPR Update* sa pagitan ng bawat taon. Nagpapakita ang *IEPR* at *IEPR Update* ng impormasyon tungkol sa mga kalakaran at suliranin sa enerhiya ng California. Kabilang dito ang pinagsamang pagtatasa, pagsusuri at pagtataya ng lahat ng aspeto ng industriya ng enerhiya ng California, suplay, produksyon, pamamahagi, pangangailangan at presyo.

Kasama rin dito ang mga patakaran sa rekomendasyon tungkol sa ginawa upang tumugon sa o maiwasan ang mga kakapusan sa kuryente at suplay ng likas na gas at lumalaking pagdepende sa mga inaangkat na panggatong sa transportasyon. Ang mga rekomendasyong ito sa patakaran ang nagpapabatid sa mga desisyon na ginagawa ng Gobernador, Lehislatura at iba pang ahensya ng estado at tumutulong upang matimbang ang pangangailangan na itaguyod ang abot kayang suplay ng enerhiya, mapagbuti ang pagiging maaasahan nito, mapangalagaan ng mga pinagkukunan, mapaganda ang ekonomiya ng estado, at maprotektahan ang kalusugan at kaseguruhan ng publiko.

Ang halaga ng IEPR at IEPR Update ay ang komprehensibo at pinagsanib na pamamaraan sa paglutas ng mga madaliang pangangailangan at mga suliranin sa enerhiya ng California. Ang mga rekomendasyon sa patakaran ng enerhiya na iminungkahi sa IEPR at IEPR Update ay may malawakang epekto at nilinang para sa pagsasaalang-alang ng maraming pagkakaiba ng mga stakeholder sa isang malinaw at pampublikong proseso. Ang mga pinagsamang cross-sector assessments, analyses at forecasts ay tumutulong upang tiyakin na ang California ay nananatiling isang pambansa at internasyonal na namumuno sa patakaran ng enerhiya.

Ang hula sa pangangailangan sa kuryente ay natatangi ang kahalagahan para sa pagpaplano ng sistema ng kuryente upang matiyak na ang suplay ay makatutugon sa pangangailangan sa isang sulit, makakalikasan at maaasahang paraan. Halimbawa, ang California Public Utilities Commission (CPUC) at California Independent System Operator (California ISO) ay gagamiting ang hula na ito para sa paglikha, pagkuha at plano sa paghahatid ng kuryente.

Gayundin, ang mga rekomendasyon sa patakaran na ginawa sa IEPR ang kadalasang ginagamit bilang batayan para sa batas na may kinalaman sa enerhiya. Halimbawa, ang kahalagahan ng layunin sa pagtaas at pagbilis ng napanunumbalik na enerhiya ay unang naitaas sa 2003 IEPR at pagkatapos ay pormal na inayos sa batas ng estado bilang California's Renewables Portfolio Standard upang mangailangan ng mga manggagawa upang bilhin ang 50 porsiyento ng kanilang benta sa elektrisidad mula sa napanunumbalik na mapagkukunan sa 2030.

Ang patakarang ito ay pareho sa patakaran ng estado sa Loading Order policy na pumapatnubay sa pamumuhunan sa kahusayan ng enerhiya, tugon ng pangangailangan, napaninibagong enerhiya at pamamahagi ng nalikha bago

mamuhunan sa mga power plant ng likas na gas at upgrades ng sistema sa kuryente upang matugunan ang lumalaking pangangailangan sa kuryente ng California.

Paglilinang ng Ulat

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagtalaga Punong Komisyoner upang mangasiwa sa bawat IEPR at IEPR Update. Kay-ang tukuyin ng Komisyoner ang mga paksa ng mataas na priyoridad pati na ang mga paksa na inuutos ng Lehislatura. Ang Komisyon ng Enerhiya ay bubuo ng isang panukalang batas na tumutukoy sa mga pangunahing suliranin na dapat pagtuunan ng pansin sa bawat IEPR.

Upang tulungan ang pag-unlad ng ulat, ang Komisyon ng Enerhiya ay may awtoridad na magtipon ng mga may kaug-nayan at kinakailangang datos, nagsisilbing “central reposi-tory” ng estado para sa pagtatago, pag-aaral, at pamamahagi ng mga katotohanan tungkol sa lahat ng produksyon at pag-gamit ng enerhiya sa California. Ang Komisyon ng Enerhiya ay humiling ng datos sa mga paksa tulad ng paggamit ng gatong at kuryente at likas na gas mula sa mga manggagawa. Ang datos na nakolekta ay nagpapabatid sa mga pagtatasa, tina-taya at pinag-aaralan ng Komisyon ng Enerhiya.

Ang malawak na pakikilahok ng stakeholder ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pag-unlad ng IEPR. Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagsasagawa ng mga pampub-likong workshop sa mga paksang tinukoy sa IEPR scoping order at iniimbitahan ang mga stakeholder upang ipakita ang kanilang mga puna at malasakit sa salita o sa panulat. Ang mga punang ito ay magiging bahagi ng talaang pampubliko na maingat na isinasaalang-alang sa pagbubuo ng ulat.

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nakikipagtulungan din sa CPUC, sa California ISO, ng California Air Resources Board, ang State Water Resources Control Board, at iba pang mga ahensya sa kabuuan ng proseso. Ang Komisyon ng Enerhiya ay kumukuha sa iba’t ibang uri ng mga mapagkukunan, kabilang ang sarili nitong pagsusuri, impormasyon na ipi-nakita sa mga workshop, at mungkahi mula sa publiko para bumuo ng isang draft na ulat. Ang draft na ulat ay ibinibigay sa publiko para sa komento at ipinapakita sa isang public workshop.

Ang pagtatala ng ulat sa publiko ay nagbibigay sa mga stakeholder, sa publiko, at iba pang mga ahensya ng estado ng ikalawang pagkakataon upang magbigay ng mga mung-kahi at katugunan sa mga suliranin na sakop ng ulat.

Kapag ang IEPR ay pinagtibay ng Komisyon ng Enerhiya, ito ay isinusumite sa Gobernador at Lehislatura.

Ang mga progresibong patakaran ng enerhiya at pang-matagalang pagpaplano ay mahalagang bahagi ng ekonomi-ya ng California na nakasalalay sa abot-kaya, maaasahan, at responsable sa kapaligiran na suplay ng kuryente, likas na gas, at mga gatong sa transportasyon.

Pinagsanib na Pagpaplano ng mga Estado sa Kanluran

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nakikilahok din sa mga ahen-sya ng enerhiya at mga grupo ng industriya kabilang ang Western Governors Association, Western Electricity Coordi-nating Council at Northwest Planning Coordinating Council upang makuha at maibahagi ang kasalukuyang datos ng enerhiya at matiyak na ang mga gawain sa pagpaplano ng enerhiya at mga aksyon ay nakatutulong at tumutugma sa Kanlurang Estados Unidos.

Edmund G. Brown Jr.
Governor

Robert B. Weisenmiller, Ph.D
Chair

Drew Bohan
Executive Director

Commissioners
Karen Douglas, J.D.
David Hochschild
J. Andrew McAllister, Ph.D.
Janea A. Scott, J.D.

CALIFORNIA
ENERGY COMMISSION

energy.ca.gov | facebook.com/CAEnergy | twitter.com/calenergy